

ACTIVITY

- A. Decoding. Ano ang malinaw na mensahe ni Juan Bautista sa mga tao? Isulat ang letters sa patlang gamit ang decoder.

A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13

N	O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z
14	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26

13-1-7-19-9-19-9 11-1-25-15 1-20 20-1-12-9-11-21-18-1-14 1-14-7 9-14-25-15-14-7

13-7-1 11-1-19-1-12-1-14-1-14 19-1-16-1-7-11-1-20 1-14-7 11-1-8-1-18-9-1-14 14-7

12-1-14-7-9-20 1-25 13-1-12-1-16-9-20 14-1

- B. Sagutin ang mga tanong.

- Ano ang pangunahing misyon ni Juan na ibinigay ng Diyos?
 - Upang maging hari sa Israel
 - Upang magsagawa ng mga himala sa templo
 - Upang ihanda ang daan para kay Jesus, ang Mesiyas
 - Upang turuan ang mga tao kung paano isulat ang Banal na Kasulatan
- Paano namuhay si Juan Bautista sa ilang?
 - Siya ay nanirahan sa isang palasyo at nagsuot ng magagarang damit
 - Kumain siya ng mga balang at pulot-pukyutan at nagsuot ng damit na gawa sa balahibo ng kamelyo
 - Namuhay siya bilang mangingisda sa tabi ng ilog
 - Nagtanim siya ng mga pananim at nag-aalaga ng mga hayop para sa pagkain

3. Bakit binautismuhan ni Juan ang mga tao sa Ilog Jordan?
 - a. Para mas matulungan silang lumangoy
 - b. Para maging miyembro sila ng kanyang grupo
 - c. Upang sumunod sa isang batas ng Roma
 - d. Isang simbolo ng kanilang pagsisisi at panibagong simula sa Diyos

4. Paano tumugon si Juan nang tanungin ng mga tao kung siya ba ang Mesiyas?
 - a. Sinabi niya, "Hindi ako ang Mesiyas, ngunit isang mas dakila ang darating pagkatapos ko."
 - b. Sinabi niya, "Oo, ako ang isa."
 - c. Sinabi niya, "Maghintay at tingnan."
 - d. Hindi niya sinagot ang tanong.

5. Ano ang matututuhan natin sa buhay ni Juan Bautista?
 - a. Laging humanap ng kapangyarihan at katanyagan
 - b. Gawin ang gusto ng iba, kahit na mali
 - c. Maging matapang sa pagbabahagi ng katotohanan ng Diyos, kahit na mahirap
 - d. Mamuhay ng marangya at ginhawa

Ang kuwento ni Juan ay puno ng katapangan, katapatan, at pagpapakumbaba. Inihanda niya ang daan para kay Jesus nang buong puso, na hindi naghahangad ng katanyagan para sa kanyang sarili. Handa siyang manindigan para sa kung ano ang tama, kahit na nangangahulugan ito ng pagsasalita laban sa isang hari. At kahit na ang kanyang buhay ay natapos sa isang trahedyang paraan, ang kanyang misyon ay isang tagumpay-itinuro niya ang mga tao kay Jesus, tulad ng plano ng Diyos. Ang halimbawa ni Juan ay nagpapaalala sa ating mga bata na mamuhay nang buong tapang para sa Diyos, magsabi ng katotohanan, at maging mapagpapakumbaba, na laging itinuturo ang iba kay Jesus.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Timmy, isang labing-isang taong gulang na bata, ay mahilig magkuwento tungkol kay Jesus sa kanyang mga kaibigan sa kanilang maliit na baryo. Lagi siyang masayahin at puno ng enerhiya, lalo na kapag pinag-uusapan ang tungkol sa Diyos. Sa taong ito, excited si Timmy dahil kasali siya sa kanilang Christmas play sa simbahan.

Bagama't maliit lang ang kanyang papel bilang isang pastol, alam ni Timmy na mahalaga ito. Siya ang magbabalita sa mga tao sa Bethlehem tungkol sa pagsilang ni Jesus. Ang simpleng papel na ito ay nagpapaalala sa kanya ng mga tunay na pastol noong unang Pasko, na unang nakarinig ng magandang balita mula sa mga anghel at nagbahagi nito sa iba.

Isang hapon, habang naglalaro sila ng kanyang mga kaibigan sa kalye, tinanong siya ng kanyang matalik na kaibigan.

Ethan: "Timmy, ano ba talaga ang tungkol sa Christmas play mo?"

Timmy: "Mahalaga ito!" (may kislap sa mata). "Kuwento ito ng pagsilang ni Jesus—ang Anak ng Diyos na dumating para iligtas tayo. Kasama ako sa play bilang pastol!"

Ethan: "Pastol?" (ngumingisi). "Hindi ba't ang pastol ay nagbabantay lang ng tupa? Parang hindi naman big deal."

Timmy: "Oo, maliit lang ang papel nila, pero mahalaga! Sila ang unang nakarinig ng balita tungkol kay Jesus, at sila rin ang nagkuwento sa iba. Kung wala sila, baka hindi agad nalaman ng mga tao na dumating na si Jesus." (nakangiti).

Nagpatawa si Jake, isa pang kaibigan.

Jake: "Paano kung pumunta kami at pagtawanan ka kapag nakalimutan mo ang linya mo?"

Timmy: (Tumatawa din) "Kung gusto ninyong tumawa, ayos lang. Pero iniimbitahan ko pa rin kayo. Hindi ito tungkol sa akin—tungkol ito kay Jesus. Gusto kong makilala n'yo rin Siya."

Nagulat ang kanyang mga kaibigan sa sagot ni Timmy. Makalipas ang ilang saglit, sinabi ni Ethan na siya ay pupunta para malaman kung anong espesyal sa play na iyon. Maging si Jake ay nagsabi na pupunta rin siya.

Isa-isa, sumang-ayon ang iba pang mga kaibigan. Napukaw ang kanilang interes dahil sa tapang at sigasig ni Timmy.

Dumating ang gabi ng Christmas play, at puno ang simbahan. Ang mga kaibigan ni Timmy ay nakaupo sa unahan, pabulong-bulong at nagtatawanan habang hinihintay magsimula ang palabas. Sumilip si Timmy mula sa likod ng kurtina at ngumiti nang makita sila.

Tahimik siyang nanalangin, "Lord, tulungan Mo akong ipakita sa kanila kung gaano Ka kahanga-hanga."

Nagsimula ang play, isinalaysay ang kuwento nina Maria at Jose habang naglalakbay patungong Bethlehem, kung saan isinilang si Jesus sa isang sabsaban. Dumating ang eksena ni Timmy bilang pastol. Habang hawak ang kanyang tungkod, tumayo siya sa entablado. Kinakabahan man, naalala niya kung bakit siya naroon.

Timmy: (Sa malinaw at matibay na boses) "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, ang Cristo na Panginoon!"

"Halikayo, puntahan natin ang kahanga-hangang bagay na ito na nangyari!"
(Habang tinuturo ang bituin.)

Pagkatapos ng play, mabilis na nilapitan ni Timmy ang kanyang mga kaibigan. Sa kanyang gulat, hindi tumatawa si Ethan. Sa halip, parang nag-iisip ito nang malalim.

Ethan: "Parang iba 'yun. Ngayon ko lang naisip na isinilang si Jesus para iligtas tayo."

Jake: "Oo nga. Parang ipinadala talaga Siya para sa atin."

Timmy: "Yun mismo! (may kislap sa mga mata). Dumating si Jesus para ipakita kung gaano tayo kamahal ng Diyos. Hindi Niya kailangang gawin ito, pero ginawa Niya dahil gusto Niyang mapalapit tayo sa Kanya."

Ethan: "Gusto kong malaman pa ang tungkol kay Jesus. Pwede ba nating pag-usapan 'yun minsan?"

Timmy: "Pwede natin simulan ngayon!"

Hindi inalintana ni Timmy na maliit lang ang papel niya sa play. Alam niyang ang tunay na mahalaga ay ang pagbabahagi ng mabuting balita tungkol kay Jesus, kahit sa simpleng paraan. Katulad ni Juan Bautista, hindi ginawa ni Timmy ang lahat ng ito para sa sarili niya. Ang layunin niya ay ipakita sa iba kung sino si Jesus, kahit ano pa ang mangyari.

Noong Paskong iyon, ibinahagi ni Timmy ang pinakamagandang regalo sa kanyang mga kaibigan—ang pagkakataong makilala ang Tagapagligtas. Para kay Timmy, iyon ang pinakamahalagang papel na maaari niyang gampanan.

Mga tanong.

- Bakit excited si Timmy sa Christmas play?

- Ano ang madalas gawin ni Timmy sa kanyang lugar?

- Ano ang sinabi ni Timmy na pinakamahalagang bahagi ng kanyang tungkulin bilang pastol?

- Ano ang naging reaksyon ng mga kaibigan ni Timmy matapos mapanood ang play?

- Anong aral ang matututuhan natin sa kuwento ni Timmy?

Ang mga batang tulad natin ay dapat na matututo sa halimbawa ni Timmy. Maging matapang sa pagbabahagi ng ating pananampalataya, kahit na ito ay mahirap, at pahalagahan ang bawat tungkulin, dahil alam nating ang maliliit na aksyon ay maaaring magkaroon ng malaking epekto. Ang kanyang kababaang-loob ay nagpapakita na ang buhay ay tungkol sa pagturo sa iba kay Jesus, hindi naghahanap ng atensyon para sa ating sarili. Ang kabaitan ni Timmy sa kanyang mga kaibigan, kahit na tinutukso nila siya, ay nagpapaalala sa atin na mahalín ang iba anuman ang mangyari. Gaya ni Timmy, dapat tayong mamuhay nang may may katapangan, kabaitan, at layunin.



D. Memory Verse

Isang pusong tapat sa aki'y likhain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.

Mga Awit 51:10